

## ANTHRAX

### Ano ang anthrax?

Ang anthrax ay isang mapanganib na sakit na sanhi ng isang uri ng baktirya na nabubuo mula sa isang “spore” na tinatawag na *Bacillus anthracis*. Ang pagkaimpeksyon sa anthrax ay maaring maganap sa tatlong paraan:

- **Cutaneous:** Kapag ang baktirya ay pumasok sa mga sugat o galos sa balat.
- **Inhalation:** Ito ay sanhi ng paglanghap ng baktirya o “spores.” Ang “spores” ay napakaliit upang makita ng mga mata at wala itong kulay, amoy, o lasa.
- **Gastrointestinal:** Kapag ang anthrax ay nakain.

### Paano kumakalat ang anthrax?

Ang anthrax ay hindi nakakahawa: Hindi ito kumakalat mula sa isang tao patungong sa iba. Ang mga tao ay naiimpeksyon ng anthrax sa pamamagitan ng paghawak sa mga produkto mula sa mga kontaminadong mga hayop o di kaya’y sa pagkalanghap ng “spores” mula sa kontaminadong produktong ng mga hayop. Ang pagkain ng hindi gasinong lutong karne mula sa isang kontaminadong hayop ay maari ring maging sanhi ng pagkaimpeksyon. Maari ring gamitin isang bayolohikal na sandatang pangterorista ang anthrax spores.

### Ano ang mga palatandaan ng anthrax?

Ang **cutaneous anthrax** ay nagsisimulang sa isang makating bukol na katulad ng kagat ng insekto ngunit ito’y lumalala sa isang manhid na pasa sa loob nang 1-2 araw na may laking 1-3 sentimetro sa pagkabilog, at may itim sa gitnang bahagi. Ang mga “lymph glands” sa katabing bahagi ng pasa ay mamaga rin. Bihira ang namamatay sa **cutaneous anthrax** dahil ang sakunang ito ay maaring magamot ng karampatang mga antibiotics. Humigit kumulang na 20% ng mga kasong hindi nabigbigyang lunas ay maaring magdulot ng kamatayan.

Ang **inhalation anthrax** ay kagaya ng pangkaraniwang sipon. Ang mga palatandaan ay maaaring magsimula sa loob ng 7 araw ng pagkaimpeksyon at maaring may kasamang.

- Lagnat (ang temperature ay humihigit sa 100 grado sa Fahrenheit). Ang lagnat ay maaaring may kasamang pagnginginig o pagpawis.
- May palantandaan katulad ng trangkaso
- Pagsakit ng lalamunan, na kasunod ang kahirapan sa paglunok, paglaki ng “lymph nodes,” pagsakit ng ulo, pagkahilo, pagkawala ng gana, pagsakit ng tiyan, pagsusuka, o pagtatae.
- Pagsakit ng mukha, braso o kamay na nagsisimula muna bilang isang bukol at unti-unting paglala sa pamamagitan ng manhid na pasa na may itim sa gitna nito.

## Tagalog

Pagkatapos ng ilang araw, ang mga palatandaang ito ay lumalala sa pamamagitan ng kahirapan sa paghinga at pagkagulat. Ang paglanghap sa anthrax ay nakakamatay kapag hindi kaagad mabigyang lunas.

(Ang matinding pagkasipon ay bihirang nagaganap sa paglanghap ng anthrax. Ang isang taong may sipon na may kasamang trangkaso ay maaaring may matinding sipon lamang kaysa sa mayroong anthrax).

Ang isang katangian ng **gastrointestinal anthrax** ay ang pagkakaroon ng matinding pamamaga sa bituka. Ang mga unang palatandaan nito ay ang pagkahilo, pagkawala ng gana sa pagkain, pagsusuka, at lagnat na sinusundan ng pagsakit ng tiyan, pagsusuka ng dugo, at matinding pagtatae.

### **Papaano ginagamot ang pagkalantad sa anthrax?**

Maaring maiwasan ang paglaganap ng impeksyon sa pamamagitan ng pag-inom ng antibiotics mula sa doktor sa loob ng 60 araw. Ang maaagang paggamot sa pamamagitan ng antibiotics ay kinakailangan— anumang pag-antala nito ay maaring mapanganib.

### **Mayroon bang baksinasyon para sa anthrax?**

Mayroong bakuna na nabuo para sa anthrax ngunit ito ay karaniwang ibinibigay lamang sa mga nasa militar. Ang bakuna ay kinapalolooban ng maraming beses na iniksyon sa loob ng mahabang panahon at inirerekomenda lamang sa mga nasa mapanganib na kalagayan, tulad ng mga manunuri sa laboratoryo na kadalasang nangangasiwa sa mga baktirya na nagdudulot ng anthrax. Epektibo ang paggamit ng mga antibiotics sa pangontra laban sa mga sakit na dulot ng anthrax pagkatapos malantad.

### **Paano mo malalamang ikaw ay nalantad sa anthrax?**

Hindi mo makikita o maamoy ang anthrax. Hindi mo malalaman kung ikaw ay nalantad hanggang sa makita mo ang mga palatandaan sa loob ng 7 araw pagkatapos malantad. Ang mga opisyal pangkalusugan ang siyang magpapatibay ng impormasyon sa iyong posibleng pagkalantad. Subaybayan ang telebisyon at radio o tumawag sa 211 para sa impormasyon sa inaakalang pagkalantad.

### **Ano ang nararapat gawin kung ikaw ay nalantad sa anthrax?**

Tawagan mo ang iyong doctor. Sabihin sa kanya ang iyong posibleng pagkalantad. Maaaring magbigay ng antibiotics ang doctor. Mas epektibo ang paggamot kung sisimulan ito ng mas maaga. Iwasan ang pagkahawa ng iba sa pamamagitan ng paghiwalay ng mga nalantad na mga bagay at bahagi na maaaring kontaminado ng “spores” ng anthrax. Hugasan ang kamay ng sabon at tubig.

### **Saan matatagpuan ang anthrax at papaano ito ginagamit?**

Ang anthrax ay kadalasang nakikita sa mga ligaw at alagang mga hayop (baka, karnero, kambing, kamel, antelope, at ibang hayop na kumakain ng halaman), ngunit ito rin ay maaaring makita sa mga tao kung sila'y nalantad sa mga nahawang mga hayop, mga bahagi ng nahawang hayop, o kung ang "spores" ng anthrax ay ginamit bilang bayolohikal na sandatang pangterorismo.

### **Bakit mayroon pangamba hinggil sa paggamit ng anthrax bilang isang bayolohikal na sandatang pangterorismo?**

Sa nakalipas na panahon, ang anthrax "spores" ay nagamit na bilang bayolohikal na sandatang pangterorismo. Noong 2001, ang anthrax ay sinadyang ilagay sa sulat at ibinahagi sa "postal system" na nagdulot ng 22 kaso ng anthrax, kabilang ang 5 patay.

### **Maaari bang magkaroon ng anthrax ang mga alagang hayop?**

Oo. Ang mga alagang hayop o hayop sa bukid (bukod sa isda, ibon, at butiki) ay maaaring magka-anthrax. Kung sa tingin ninyo na ang inyong alaga at ibang mga hayop ay nalantad sa anthrax tawagan ang inyong beterinaryo.

#### **Anthrax:**

- Ano ang mga palatandaan ng
- Ang pagkalahap sa anthrax ay kasing-tulad ng isang uri ng sipon. Ito ay maaaring magsimula sa loob ng 7 araw nang pagkaimpeksyon at maaring kasama ang:
  - Lagnat (ang temperatura ay humihigit sa 100 grado sa Fahrenheit). Ang lagnat ay maaring may kasamang pagnginginig o pagpawis.
  - May palantandaan katulad ng trangkaso
  - Pagsakit ng lalamunan, na kasunod ang kahirapan sa paglunok, paglaki ng "lymph nodes," pagsakit ng ulo, pagkahilo, pagkawala ng gana, pagsakit ng tiyan o sikmura, pagsusuka, o pagtatae.
  - Pananakit sa mukha, braso o kamay na nagsisimula muna bilang isang bukol at unti-unting lumalala sa pamamagitan ng pamamanhid ng ilang mga pasa na may itim sa gitna nito.
  - Pagkatapos ng ilang araw, ang mga palatandaang ito ay lumalala sa pamamagitan ng kahirapan sa paghinga at pagkagulat. Ang pagkalahap sa anthrax ay nakakamatay kapag hindi kaagad mabigyang lunas.
  - Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang

Aloha United Way

2-1-1

[health.hawaii.gov](http://health.hawaii.gov)

o [www.cdc.gov](http://www.cdc.gov)